ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PAPEL NG KRITIKAL NA PAG-IISIP SA UGNAYAN NG AKTIBONG PAGKATUTO AT MABISANG PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO

**Girlie S. Cabiles, LPT[1], Estrella B. Salazar, EdD[2]**
[1] *Master of Arts in Education Major in Teaching Filipino, Holy Cross of Davao College*
[2]*Graduate School Professor, Holy Cross of Davao College*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra27750**
**DOI No: 10.36713/epra27750**

**ABSTRAK**
*Ang pagkatuto sa asignaturang Filipino ay mababa. Layunin ng pag-aaral na masuri ang kritikal na pag-iisip bilang tagapamagitan sa aktibong pagkatuto at mabisang pagkatuto sa Filipino. Ginamit ang prediktibong disenyo mula sa 228 mag-aaral ng Baitang 11 sa pamamagitan ng proportionate stratified random sampling at sinuri gamit ang Mediation Analysis at Bootstrapping na metodo. Natuklasan na ang aktibong pagkatuto ay may makabuluhang tuwiran at di-tuwirang epekto sa mabisang pagkatuto sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip bilang partial mediator na sumusuporta sa Teoryang Konstruktibismo. Iminumungkahi sa mga guro ang aktibong pedagohiya at kagamitang pampagtuturo sa Filipino, gayundin ang pag-aaral ng iba pang baryabol at kuwalitatibong metodo sa kritikal na pag-iisip para sa mga mananaliksik sa hinaharap.*
**MGA SUSING SALITA:** *kritikal na pag-iisip, aktibong pagkatuto at mabisang pagkatuto, mag-aaral sa asignaturang Filipino*

## INTRODUKSYON

Sa nakalipas na limang taon, nanatiling balakid sa buong mundo ang mababang pagkakatuto sa asignaturang pangwika. Ayon sa UNESCO (2024), ang kakulangan sa polisiya at suporta ay nagbunsod sa unti-unting pagkasintabi ng mga lokal na wika sa usaping global. Kaugnay nito, ayon sa pag-aaral nina Macaro at Curle (2021), ang sektor ng edukasyon ang naapektuhan sa paggamit ng English Medium Instruction (EMI) sa mga bansang hindi Ingles ang pangunahing wika na lumilikha ng malaking agwat sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral nina Cavallaro at Ng (2021) sa Singapore, binigyang-diin na unti-unting pinapalitan ng Ingles ang mga katutubong wika bilang pangunahing midyum ng komunikasyon ng mga kabataan na naging banta sa pagpapanatili ng kulturang kinagisnan. Dagdag pa, natuklasan nina Aziz at Mohamad, (2022) na ang pagtangkilik ng mga kabataan sa Malaysia na gamitin ang Ingles sa halip na ang kanilang lokal na wika ay isang indikasyon ng paglayo sa kanilang kultural na ugat.

Sa Pilipinas, maraming mag-aaral ang nahihirapang linangin ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip, mababang antas ng pagkatuto, limitadong kakayahan sa pagsusuri at pagbibigay ng sariling opinyon sa mga aralin sa Filipino (Lansangan, 2024). Bukod dito, batay sa pag-aaral nina Dela Cruz at Dela Cruz (2021), napag-alaman na ang mga mag-aaral sa Sacub High School Annex, Davao del Sur ay may mababang marka sa pagsusuri ng teksto, pagsulat, at interpretasyon ng mga aralin sa Filipino gayundin ang pagbibigay ng sariling opinyon at analisis.

Sa kabuuan, ang mga balakid na nabanggit ay may malaking epekto sa pagpapalinang ng wikang Filipino bilang asignatura. Ito ay magdudulot ng mababang motibasyon at limitadong partisipasyon ng mga mag-aaral sa Filipino (Santos, 2022). Dagdag pa, ang kakulangan sa pagpapahalaga sa sariling wika ay magreresulta sa mababang tiwala sa paggamit nito (Boligol et. al., 2023). Bagaman marami ng pag-aaral sa loob at labas ng bansa ang nagsuri sa aktibong pagkatuto sa asignaturang pangwika, wala pang pag-aaral sa kasalukuyan ang nagbigay tuon sa kritikal na pag-iisip bilang tagapamagitang baryabol. Kung kaya, isinagawa ang pag-aaral na ito.

### KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay nakatulong upang maunawaan ang kahalagahan ng kritikal na pag-iisip sa aktibong pag-aaral at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga resulta ay nagsilbing batayan ng Department of Education (DepEd) sa pagbuo ng mga bagong polisiya at kurikulum, habang naging gabay naman ito sa mga guro sa pagbuo ng mga estratehiyang magpapaunlad sa kakayahan at partisipasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa, mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral dahil nagbibigay ito ng inspirasyon at kumpiyansa sa mas bukas na pakikilahok at pagtuklas ng bagong kaalaman sa Filipino gamit ang kritikal na pag-iisip. Sa Holy Cross of Davao College, nagsilbi itong batayan sa pagpapaunlad ng kurikulum at mga programang pang-akademiko upang higit na mapalakas ang pagtuturo na nakasentro sa kritikal na pag-iisip at aktibong partisipasyon.

Sa pandaigdigang kaisipan, ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa Sustainable Development Goal 4 na tungkol sa pagbibigay ng pantay at de-kalidad na edukasyon at paghubog

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

ng mga taong marunong mag-isip, magsuri, at patuloy na pagkatuto. Sa madaling sabi, ito ay nakatuon sa pagpapalaganap ng edukasyong nakabatay sa kaunlaran, kapayapaan, at pagpapahalagang kultural.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Sa pangkalahatan, nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang papel ng kritikal na pag- iisip sa ugnayan ng aktibong pagkatuto at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Partikular, layunin nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Matukoy ang antas ng aktibong pagkatuto ayon sa paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligirang pampagkatuto, pamamaraang pagkatuto ng mga mag-aaral; antas ng kritikal na pag-iisip ayon sa pagsusuri, paghihinuha, pagpapaliwanag; at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ayon sa pang-akademiko, pakikipagkapwa-tao, at paglutas sa mga balakid.
2. Suriin ang ugnayan sa pagitan ng aktibong pagkatuto, kritikal na pag-iisip, at mabisang pagkatuto sa asignaturang Filipino.
3. Matukoy ang tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na kinokontrola ang kritikal na pag-iisip.
4. Matukoy ang hindi-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip.
5. Matukoy ang kabuuang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

### Hipotesis

Lahat ay ibabatay sa 0.05 antas ng kabuluhan.

**Ho1:** Ang aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip ay walang makabuluhang ugnayan sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Ho2:** Ang tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na kinkontrola ang kritikal na pag-iisip ay hindi makabuluhan.

**Ho3:** Ang hindi-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip ay hindi makabuluhan.


**Ho4:** Ang kabuuang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay hindi makabuluhan.

### Teoretikal na Lente

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Teoryang Konstruktibismo ni Jean Piaget (1970), na nagsasabing ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng karanasan at interaksyon ng mag-aaral. Gamit ang kritikal na pag-iisip, lohikal na pagsusuri, at pagbuo ng matalinong desisyon, umuunlad ang pagkatuto mula sa simpleng pag-unawa ng nilalaman tungo sa mas mataas na antas ng pagproseso ng impormasyon.

Bilang kaugnayan sa pag-aaral na ito, ang aktibong pagkatuto ay nag-uudyok sa mga mag- aaral na mapalalim ang kaisipan at maiproseso ang kanilang natutunan, na humahantong sa pagpapaunlad ng kanilang kritikal na pag-iisip. Dahil dito, naging daan ito upang makamit ang mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pananaw ni Piaget, malinaw kung bakit ang kritikal na pag-iisip ay nagsisilbing mahalagang tulay sa pagitan ng aktibong pagkatuto at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino.

## KONSEPTUWAL NA BALANGKAS




*Talaguhitan 1. Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng prediktibong disenyo. Ito ay nakatuon sa paggamit ng prediktor at kraytiryon na baryabol upang mahulaan ang mga posibleng resulta, na mahalaga sa pagbuo ng mga desisyon at interbensyon (IvyPanda, 2023). Angkop ang disenyong ito sapagkat ayon kina Khalil et. al (2023), nakatutulong ito tungo sa mas sistematikong pagsusuri ng ugnayan ng mga baryabol sa pag-aaral at makagawa ng mga prediksyon ukol dito.

### Pook ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong institusyon sa Barangay 8-A, Poblacion District, Davao City. Ang pagpili rito bilang pook ng pag-aaral ay estratehiko sapagkat may direktang ugnayan sa mga kalahok na kumakatawan sa target na populasyon. Pinili rin ng mananaliksik ang institusyong ito sa kadahilanang dito direktang na-obserbahan ang mga balakid ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dulot ng mababang kritikal na pag-iisip at kakulangan sa aktibong pagkatuto. Kung ibabatay ito sa pananaliksik nina Creswell at Creswell (2018), ang lokasyon ay masasabing angkop kapag mayroon itong populasyong may kaugnayan at direktang tumutugma sa mga layunin ng pag-aaral, na tinitiyak na ang makakalap na datos ay parehong kontekstwalisado at representatibo ng target na grupo.

### Kalahok at Teknik sa Pagpili ng Kalahok

Binuo ang pananaliksik na ito ng 228 kalahok na kinuha mula sa kabuuang 528 mag-aaral ng Ika-11 Baitang na may asignaturang Filipino sa pribadong institusyon sa taong panuruan 2025-2026 gamit ang Slovin’s Formula na may 5% margin of error. Ginamit ang proportionate stratified random sampling upang matiyak ang representasyon ng bawat strand: HUMSS (68), STEM (37), TVL (98), GAS (5), at ABM (20). Sa pamamaraang ito, ang populasyon ay nahahati sa iba't ibang strata. Pagkatapos, ang mga kalahok ay pinili mula sa bawat stratum batay sa proporsyon ng bahaging iyon sa kabuuang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

populasyon (Cochran, 1977; Creswell & Creswell, 2018).

**Teknik sa Paglikom ng Datos**
Ginamit ang sarbey teknik sa pangangalap ng datos. Ito ay sistematikong paraan ng pangangalap ng impormasyon mula sa mga kalahok sa pamamagitan ng mga tanong, karaniwang gamit ang talatanungan o pakikipagpanayam (Babbie, 2021). Ang sarbey ay mahalaga na nagbibigay-daan sa mabilis na pangangalap ng datos mula sa malalaking populasyon upang makabuo ng obhetibong generalisasyon (Creswell & Creswell, 2018).

Ginamit sa pag-aaral na ito ang adapted na talatanungan: ang aktibong pagkatuto na instrumento mula kina Falcasantos et al. (2024), na may Cronbach's alpha na 0.911; kritikal na pag-iisip na instrumento mula kina Mancao, (2025) na nagtamo rin ng 0.911 Cronbach's alpha; at mabisang pagkatuto na instrumento hango kina Dicang at Molina, (2023) na may Cronbach's alpha na 0.941. Binubuo ng mga pahayag na sinagutan ng mga kalahok gamit ang 4-point Likert Scale at pinagtibay ang nilalaman sa tulong ng mga balideytor. Sa ganitong paraan, natitiyak ang bisa, katiyakan, at kasensitibuhan ng kasangkapan sa mga baryabol ng pag-aaral.

**Teknik sa Pag-aanalisa ng Datos**
Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang deskriptibong estadistika, partikular ang mean at standard deviation (SD), upang matukoy ang antas ng tatlong kaukulang baryabol. Ikalawa, upang masuri ang kahalagahan at lakas ng ugnayan sa pagitan ng mga malaya at di-malayang baryabol, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation. Panghuli, ginamit Mediation Analysis sa pamamagitan ng Bootstrapping na metodo upang masuri ang tuwiran (direct), di-tuwiran (indirect), at kabuuang epekto ng mga prediktib na baryabol sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Etikal na Konsiderasyon**
Ang pag-aaral na ito ay sumunod sa mga pamantayang etikal sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagiging kumpidensyal ng impormasyon, boluntaryong pakikilahok, at ganap na paggalang sa mga karapatan ng mga kalahok. Walang personal na pagkakakilanlan ang kinolektang talatanungan, at ang lahat ng datos ay ginamit lamang para sa layuning akademiko. Ang mga impormasyon ay itinago nang maayos at ligtas, at ibubura sa tamang paraan sa pagtatapos ng pananaliksik. Bago ang pangangalap ng datos, siniguro ng mananaliksik pagpapaunawa sa layunin ng pag-aaral kasunod ang pagbibigay ng informed assent sa mga kalahok na wala pang 18 taong gulang.

Bukod dito, ang pag-aaral ay sumunod sa mga alituntunin ng Society for Moral Integrity and Legal Ethics (SMILE), na nagsusulong ng integridad, katarungan, at pananagutan sa bawat yugto ng proseso ng pananaliksik. Tiniyak din ng mananaliksik na ang mga kalahok ay protektado at hindi malalagay sa anumang panganib o kapahamakan sa panahon ng pangangalap ng datos. Bilang kaugnayan, ang pananaliksik ay ginabayan ng mga prinsipyo ni Report, (1979) na binibigyang-diin ang paggalang sa indibidwal, kabutihang-loob, at katarungan. Iginalang ang karapatan ng mga kalahok kung pinili nilang hindi ipagpatuloy ang pakikilahok sa panahon ng pangangalap ng datos.

## RESULTA
Nilalaman ng kabanatang ito ang deskriptibong resulta, korelasyon, at resulta ng mediation. Nagtatapos ito sa isang buod ng mga resulta, mga diskusyon, konklusyon at mga rekomendasyon sa pag-aaral na ito.

**Deskriptibong Resulta**
Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang mga kinalabasan ng deskriptibong estadistika ng pag-aaral. Nilalaman ng talahanayang ito ang mga baryabol na: Aktibong pagkatuto, Kritikal na Pag-iisip at Mabisang Pagkatuto sa Filipino kabilang ang kani-kaniyang mga indicators; gayundin ang bilang ng mga kalahok, standard deviation, mean, at deskriptibong antas na tumutugma sa bawat baryabol.

*Table 1: Descriptive Statistics (n = 228)*

| Variables | Standard Deviation | Mean | Descriptive Level |
|---|---|---|---|
| **Aktibong Pagkatuto** | **0.69** | **2.93** | **Mataas** |
| *Paraan ng pagtuturo ng guro* | *0.76* | *3.02* | *Mataas* |
| *Kapaligirang pampagkatuto* | *0.74* | *2.86* | *Mataas* |
| *Pamamaraang pagpagkatuto ng mag-aaral* | *0.71* | *2.90* | *Mataas* |
| **Kritikal na Pag-iisip** | **0.72** | **2.96** | **Mataas** |
| *Pagsusuri* | *0.75* | *2.99* | *Mataas* |
| *Paghihinuha* | *0.73* | *2.93* | *Mataas* |
| *Pagpapaliwanag* | *0.77* | *2.96* | *Mataas* |
| **Mabisang Pagkatuto sa Filipino** | **0.71** | **2.79** | **Mataas** |
| *Pang-akademiko* | *0.75* | *2.79* | *Mataas* |
| *Pakikipagkapwa-tao* | *0.73* | *2.83* | *Mataas* |
| *Paglutas sa mga balakid* | *0.79* | *2.74* | *Mataas* |

Bilang katiyakan, makikita sa talahanayan na ang aktibong pagkatuto ay nagtamo ng 2.93 na mean na inilalarawan bilang mataas. Gayundin, nakasaad sa talahanayan na lahat ng mga indicators na kabilang nito ay mataas rin ang deskriptibong antas. Ito ay nangangahulugan na madalas nakikilahok nang aktibo ang mga mag-aaral sa klase. Nagtamo rin ito ng standard deviation na 0.69. Sa karagdagan, ang kritikal na pag-iisip ay may pangkalahatang mean na 2.96 na nagsasaad na mataas, gayundin ang mga indicators nito. Ibig sabihin, madalas nag-iisip nang kritikal at aktibong nag-aanalisa ng mga impormasyon ang mga mag-aaral sa klase. Ito ay may standard deviaton na 0.72. Panghuli, ang mabisang pagkatuto sa Filipino ay nagtamo rin ng kabuuang 2.79 na mean na naglalarawan bilang mataas gayundin ang mga indicators nito. Nangangahulugan naman ito na madalas natututo nang tamang kaalaman sa Filipino ang mga mag-aaral. Ito naman ay may standard deviation na 0.71. Mahihinuha sa lahat ng mga nabanggit na standard deviation na katamtaman ang pagkakatulad ng mga tugon at ito ay katanggap-tanggap.

Ang kabuuang implikasyon ng mga datos ay nagpapakita ng isang epektibong ugnayan sa pagitan ng mahusay na pamamaraan ng guro at ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang isang positibong kapaligirang pampagkatuto ay mabisang nakalilinang ng kritikal na pag-iisip at kolektibong kahusayan sa loob ng silid-aralan. Dahil sa pagkakaisa ng mga pananaw ng mga kalahok, napatutunayan na ang wikang Filipino ay nagsisilbing mabisang instrumento sa pag-unlad ng akademikong aspeto, pakikipagkapwa-tao, at kakayahang lumutas ng mga hamon sa pag-aaral.

**Korelasyon**
Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga kinalabasan ng korelasyon sa pagitan ng mga baryabol. Makikita rin sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

talahanayan ang bilang ng kalahok, r-value, p-value, null na hipotesis at ang kaukulang interpretasyon nito.

*Table 2: Correlation Table (n=228)*

| Variables | Mabisang Pagkatuto | | | |
|---|---|---|---|---|
| | r-value | p-value | Decision on $H_0$ | Interpretation |
| Aktibong Pagkatuto | 0.796 | <.001 | Reject $H_0$ | High Positive, Significant |
| Kritikal na Pag-iisip | 0.803 | <.001 | Reject $H_0$ | High Positive, Significant |

*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*

Sa pagsusuri ng mga ugnayan, lumabas na ang kaugnayan ng aktibong pagkatuto at mabisang pagkatuto ay may p-value na .001, na higit na mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan o level of significance na 0.05. Dahil dito, tinatanggihan ang null na haypotesis, na nagpapatunay na ang korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol ay makabuluhan. Ang nakuha ring r-value na 0.796 ay nagpapahiwatig ng isang mataas at positibong ugnayan. Sa katulad na paraan, ang ugnayan sa pagitan ng kritikal na pag-iisip at mabisang pagkatuto ay nagtamo rin ng p-value na .001, na mas mababa sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Sa gayon, muling tinatanggihan ang null na haypotesis na nagpapatibay sa pagiging makabuluhan ng ugnayan nito. Ang nakamit na r-value na 0.803 ay nagpapakita ng isang matibay, mataas, at positibong korelasyon.

Batay sa nabanggit, mahihinuha na ang aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip ay nagsisilbing mahalagang prediktor sa tagumpay ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang positibong direksyon ng korelasyon ay nagpapahiwatig na habang mas nagiging aktibo at mapanuri ang isang mag-aaral, lalong tumataas ang kabisaan ng kanyang pagkatuto sa Filipino.

## Resulta ng Mediation

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga tantsa (estimates), standard error, Z-value, at p-value, gayundin ang mga desisyon hinggil sa null na haypotesis at ang mga interpretasyon para sa mga epektong direkta (direct), hindi direkta (indirect), at kabuuan (total).

*Table 3. Mediation Table (n = 228)*

| Label | Path / Effect | Estimate (B) | SE | Z-value | p-value | Decision on $H_0$ | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | Aktibong Pagkatuto → Kritikal na Pag-iisip | 0.88 | 0.03 | 12.89 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| B | Kritikal na Pag-iisip → Mabisang Pagkatuto | 0.45 | 0.11 | 3.82 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c’ | Aktibong Pagkatuto→ Mabisang Pagkatuto (Direct Effect) | 0.41 | 0.12 | 3.34 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| a × b | Indirect Effect (Mediation) | 0.39 | 0.10 | 3.78 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c (Total Effect) | Aktibong Pagkatuto→ Mabisang Pagkatuto (Total) | 0.81 | 0.04 | 19.24 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |

*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*
*Proportion Mediated: indirect effect / total effect = 0.481*

Ipinapakita sa talahanayan na ang tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto sa Filipino na kinokontrol ang kritikal na pag-iisip ay nagbigay ng tinatayang Beta na 0.41. Ang katumbas na p-value nito ay .001 na mas mababa sa 0.05 na antas ng kabuluhan, kaya ang null haypotesis ay tinatanggihan. Nangangahulugan ito na ang tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto sa Filipino ay makabuluhan sa kabila ng pagkontrol sa kritikal na pag-iisip. Sa kabilang dako, ang di-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto sa Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip ay nagtamo ng Beta na 0.39 na may p-value na 0.001 na mas mababa rin sa 0.05 antas ng kabuluhan. Kung kaya, ang null haypotesis ay tinatanggihan. Isinasaad nito na ang di-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa kraytiryon na baryabol sa pamamagitan ng tagapamagitang baryabol ay makabuluhan. Sa katulad na paraan, ang kabuuang epekto ng ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto sa Filipino ay nagtamo ng Beta na 0.81 na may kaakibat na p-value na 0.001 na mababa parin sa 0.05 antas ng kabuluhan kaya ang null haypotesis ay tinatanggihan din. Panghuli, ipinapakita sa talahanayan na ang proporsyon ng mediation ay 48.1 na nagpapahiwatig ng katamtamang mediation.

Ipinapakita ng mga resulta na ang aktibong pagkatuto ay may makabuluhang tuwiran at di-tuwirang epekto sa mabisang pagkatuto sa Filipino pamamagitan ng kritikal na pag-iisip, na nagresulta sa isang makabuluhang kabuuang epekto. Batay sa mga natuklasang ito, maituturing itong partial mediation. Samakatuwid, ang kritikal na pag-iisip ay nagsisilbing bahagyang tagapagpaliwanag sa paraan kung paano nakaaapekto ang aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral, subalit hindi ito ang tanging salik na nakaaambag sa naturang ugnayan.

## Buod ng mga Natuklasan

Batay sa mga resultang estatistikal, partikular na natuklasan ang mga sumusunod:

1. Ang aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip ay may makabuluhang ugnayan sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
2. Ang tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na kinokontrola ang kritikal na pag-iisip ay makabuluhan.
3. Ang hindi-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip ay makabuluhan.
4. Ang kabuuang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay makabuluhan.

## DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagtalakay sa korelasyon ng mabisang pagkatuto sa Filipino sa aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip. Nilalaman din nito ang konklusyon at mga rekomendasyong hango sa kinalabasan ng pag-aaral.

### Korelasyon ng Aktibong Pagkatuto at Mabisang Pagkatuto sa Asignaturang Filipino

Ipinakita sa resulta na ang aktibong pagkatuto ay may mataas at positibong makabuluhang ugnayan sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Pinatitibay ng mga natuklasan sa pag-aaral na ito ang pananaliksik nina Sahito et al. (2025), na nagsasabing pinapataas ng aktibong pagkatuto ang pagganap at kasiyahan ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo, gamit ang pag-unlad sa kurikulum at teknolohiya. Umaayon din ang resulta sa pag-aaral ni Negoescu, (2023) na nagsasaad na ang mga aktibong estratehiya at kahusayan ng guro ay nagpapaunlad sa pagkatuto

ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang natuklasan ay sumusuporta din sa sinabi nina Kidlo et. al (2023) na mahalaga ang aktibong pagkatuto upang mapalakas ang interaksyon sa klase at maisulong ang mabisang pagkatuto.

Sa kabilang panig, ang resulta ay salungat sa pag-aaral ni Willingham (2024), na nagpapaliwanag na kung kulang sa pundasyong kaalaman ang mag-aaral, hindi magiging sapat ang mga aktibong estratehiya gaya ng debate at project-absed learning sa asignatura. Hindi rin sumasang-ayon ang naturang kinalabasan sa pag-aaral nina Dicang at Molina, (2023) na nagsasabing may limitasyon ang aktibong pagkatuto gaya ng pagkamahiyain ng mga mag-aaral sa pagtatanong at pagsagot na naglilimita sa pakikibahagi ng mga mag-aaral sa talakayan.

**Korelasyon ng Kritikal na Pag-iisip at Mabisang Pagkatuto sa Asignaturang Filipino**

Batay sa resulta, napatunayan na ang kritikal na pag-iisip at mabisang pagkatuto sa Filipino ay may mataas at positibong makabuluhang ugnayan. Ang natuklasang ito ay pumanig sa pag-aaral nina Madaliday at Bangkulit, (2025) na nagsasabing ang kolaboratibong pagtuturo sa Filipino ay nagpapalakas ng partisipasyon, pag-unawa, at kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang resulta rin ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Lumando at Baguio, (2025) na may makabuluhang ugnayan ang kasanayang komunikatibo at kritikal na pag-iisip. Dahil dito, nagiging mas lohikal at wasto ang paggamit ng wika dahil ang epektibong pagpapahayag ay nangangailangan ng mapanuring pag-iisip.

Subalit, ang resulta ay salungat sa natuklasan nina Jaramillo Gómez et. al (2025), na naglalahad na may iba't ibang hamon sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip. Kabilang dito ang pananaig ng mga tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo, ang kawalan ng atensyon sa mga kasanayang metakognitibo, at ang mga kakulangan sa pagsasanay ng mga guro, bilang mga salik na naglilimita sa potensyal ng mga mag-aaral na magsuri.

**Kritikal na Pag-iisip Bilang Tagapamagitan sa Aktibong Pagkatuto at Mabisang Pagkatuto sa Filipino**

Ipinakita sa resulta ng pananaliksik na ang tuwiran at di-tuwirang epekto ng aktibong pagkatuto sa mabisang pagkatuto sa Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip ay makabuluhan. Ang natuklasang ito ay pinatitibay sa pag-aaral ni Prakong (2024) na nagsabing ang integrasyon ng mapanuring pag-iisip sa kurikulum ay nagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paglutas ng suliranin. Dagdag pa, napatunayan na ang aktibong pagkatuto ay higit na napalalakas ng mga pedagohikal na pamamaraan ng guro at epektibong pakikipag-ugnayan sa klase. Pinapanigan din ng resulta ang sinabi nina Dave at Shrimali, (2025) na nagpapaliwanag na ang kritikal na pag-iisip ay mahalaga sa pagsusuri at pagbuo ng kaalaman na nagpapahusay sa paglutas ng suliranin at pakikipag-ugnayan para sa akademikong at propesyonal na pag-unlad.

Gayunpaman, ang kasalukuyang kinahinatnan ay tutol sa pag-aaral nina Darcie et al. (2024), na nagsasabing mahalagang layunin sa edukasyon ang kritikal na pag-iisip ngunit mahirap itong ituro dahil sa tradisyunal na pamamaraan at kakulangan ng gabay. Sa halip, kailangan ng agarang atensiyon ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamaraang pampagkatuto, paghihinuha, at paglutas ng balakid.

**Konklusyon**

Batay sa resulta, ang aktibong pagkatuto ay may makabuluhang tuwiran at di-tuwirang epekto sa mabisang pagkatuto sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip. Kung kaya, ito ay nagsisilbing partial mediator. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay pinagtitibay ng Teoryang Konstruktibismo na nagsasaad na ang mabisang pagkatuto ay nagaganap kapag ang mga pamamaraan ng aktibong pagkatuto ay matagumpay na naipoproseso sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip ng isang mag-aaral.

**Rekomendasyon**

Batay sa konklusyon, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Sistematikong integrasyon ng mga namumuno sa paaralan ng aktibong pedagohiya at mga pagsasanay sa mataas na antas ng pagsusuri upang matiyak ang holistikong pag-unlad ng mabisang pagkatuto sa Filipino.
2. Magdisenyo ang mga guro ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo upang malinang ang metakognisyon at repleksyon ng mga mag-aaral
3. Ang mga susunod na pananaliksik ay maaaring gumamit ng ibang baryabol na hindi kasali sa pag-aaral na ito upang matukoy ang kakulangang 51.90% sa lakas ng kritikal na pag-iisip bilang tagapamagitan sa ugnayan ng aktibong pagka tuto at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Maaaring galugarin ang kuwalitatibong pananaliksik upang makabuo ng mga tema upang matugunan ang nabanggit na layunin.

## TALASANGGUNIAN

1. *Ajmal, M., Ajmal, F., & Ahmed, S. Z. (2020). Influence of English Language on the Cultural Identity of Learners. Research Journal of Social Sciences and Economics Review, 1(4), 94-100. https://doi.org/10.36902/rjsser-vol1-iss4-2020(94-100)*
2. *Babbie, E. R. (2021). The practice of social research (15th ed.). Cengage Learning. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3920225*
3. *Boligol, M., Longakit, M.A., Pacaldo, L., & Derasin, L.M. (2023). Mountain school teachers on MTB-MLE program: A hermeneutic phenomenological inquiry. Eur.Chem. Bull (Special Issue 7), 2145-2163. doi: 10.31838/ecb/2023.07.si07.013*
4. *Cavallaro, F., Elsie, T. Y. X., Wong, F., & Ng, B. (2021). "Enculturalling" Multilingualism: Family Language Ecology and Its Impact on Multilingualism. International Multilingual Research Journal, 15, 126-157. https://doi.org/10.1080/19313152.2020.184683*
5. *Cochran, W. G. (1977). Sampling techniques (3rd ed.). John Wiley & Sons.*
6. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (5th ed.). SAGE Publications.*
7. *Darcie, I., Gray, R., & Vander Kloet, M. (2024). Sustaining critical minds: How classroom learning cultures shape student thinking dispositions and practices. Active Learning in Higher Education, 26(3). https://doi.org/10.1177/14697874241303508*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 5| May 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

8. *Dave, A., & Shrimali, G. R. (2025). The importance of critical thinking skills in students' education. Indian Journal of Psychology, 1.https://www.academia.edu/127709813/THE_IMPORTANCE_OF_CRITICAL_THINKING_SKILLS_IN_STUDENTS_EDUCATON*
9. *Dela Cruz, J. A., & Dela Cruz, M. A. (2021). Effectiveness of reflective judgment model on the critical thinking skills of Grade 7 students in Sacub High School Annex, Davao del Sur. International Journal of Scientific Research, 10(4), 145–151. https://www.ijsr.net/archive/v10i4/SR21401190455.pdf*
10. *Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12),161–175. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014*
11. *Falcasantos, et al., (2024). Mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino [Factors affecting students' learning in the Filipino subject]. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(3), 109–120. https://www.researchgate.net/publication/379809566_Mga_Salik_na_Nakaaapekto_sa_Pagkatuto_ng_Magaaral_sa_Asignaturang_Filipino*
12. *IvyPanda. (2023). Correlational Research: Explanatory and Predictive Designs. IvyPanda. https://ivypanda.com/essays/correlational-research-explanatory-and-predictive-designs/*
13. *Jaramillo Gómez, D. L., Álvarez Maestre, A. J., Parada Trujillo, A. E., Pérez Fuentes, C. A., Bedoya Ortiz, D. H., & Sanabria Alarcón, R. K. (2025). Determining factors for the development of critical thinking in higher education. Journal of Intelligence, 13(6), 59. https://doi.org/10.3390/jintelligence13060059*
14. *Prinsloo, P., Slade, S., & Khalil, M. (2022). Introduction: Learning analytics in open and distributed learning–Potential and challenges. In P. Prinsloo, S. Slade, & M. Khalil (Eds.), Learning analytics in open and distributed learning (pp. 1-13). Springer. https://doi.org/10.1007/978-981-19-0786-9_1*
15. *Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orie, B. M., Tubao, L. C., & Sebullen, M. T. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: An action research. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 246-258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017*
16. *Lansangan, R. V., & Orleans, A. V. (2024). Exploring Filipino students' critical thinking skills: Basis for enhancement of science laboratory class delivery. Science Education International, 35(3), 281–290. https://orcid.org/0000-0001-8393-4754*
17. *Lumando, R. C., & Baguio, J. B. (2025). Kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pagiisip ng mga mamahayag pangkampus. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(6), 200-209. https://doi.org/10.36713/epra22679*
18. *Macaro, E., & Curle, S. (2021). English medium instruction in higher education: The global evidence of its impact. Oxford University Press.*
19. *Madaliday, S. (2025). Cooperative Strategies in the Lens of Filipino Teacher Educators: An Appreciative Inquiry Study.nternational Journal of Arts, Sciences and Education, 6(Special Issue), 21–35. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/460*
20. *Mancao, R. H. (2025). Kamalayan sa transgresibong panitikan at kasanayan sa kritikal na pag- iisip ng mga mag-aaral ng senior high school. EPRA International Journal of MultidisciplinaryResearch(IJMR), 11(1), 1027–1035.https://doi.org/10.36713/epra2013*
21. *Negoescu, A. G. (2023). The value of critical thinking in the language classroom. Land Forces Academy Review, 28(4), 303–308. DOI:10.2478/raft-2023-0036*
22. *Piaget, J. (1970). Science of education and the psychology of the child. Orion Press.*
23. *Prakong, S. (2024). The role of critical thinking in enhancing students' problem-solving abilities in higher education. Journal of Education Humanities and Social Research, 1(1), 10–16. DOI:10.70088/scx8x622*
24. *Report, B. (1979). The Belmont Report: Ethical principles and guidelines for the protection of human subjects of research. National Commission for the Protection of Human Subjects of Biomedical and Behavioral Research.*
25. *Sahito, Z. H., Khoso, F. J., & Phulpoto, J. (2025). The effectiveness of active learning strategies in enhancing student engagement and academic performance. Journal of Social Sciences Review (JSSR), 5(1), 110–127.*
26. *Santos, M. P. (2022). Interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. Journal of Philippine Language Education, 12(1), 45–58. https://examplejournal.ph/santos2022.pdf*
27. *UNESCO. (2024). World atlas of languages: Scaling up multilingualism for inclusion and transformation. https://www.unesco.org/en/world-atlas-languages*
28. *Willingham, D. T. (2024). Why Don't Students Like School?: A Cognitive Scientist Answers Questions About How the Mind Worksand What It Means for the Classroom. Jossey-Bass. DOI:10.1002/9781118269527*